# *Pagpapalaki ng Maka Dios na mga Anak Yugto 1*

***"1 Ito nga ang utos, ang mga palatuntunan, at ang mga kahatulan, na iniutos ng Panginoon ninyong Dios na ituro sa inyo, upang inyong magawa sa lupaing inyong paroroonan upang ariin: 2 Na ikaw ay matakot sa Panginoon mong Dios, na iyong ingatan ang lahat niyang mga palatuntunan at ang kaniyang mga utos, na aking iniutos sa iyo, sa iyo, at sa iyong anak, at sa anak ng iyong anak sa lahat ng araw ng iyong buhay; at upang ang iyong mga araw ay lumawig. 3 Dinggin mo nga, Oh Israel, at iyong isagawa upang ikabuti mo, at upang kayo'y dumaming maigi, na gaya ng ipinangako sa iyo ng Panginoon, ng Dios ng iyong mga magulang, sa lupaing binubukalan ng gatas at pulot. 4 Dinggin mo, Oh Israel: ang Panginoon nating Dios ay isang Panginoon: 5 At iyong iibigin ang Panginoon mong Dios ng iyong buong puso, at ng iyong buong kaluluwa, at ng iyong buong lakas. 6 At ang mga salitang ito, na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito, ay sasa iyong puso; 7 At iyong ituturo ng buong sikap sa iyong mga anak, at iyong sasalitain tungkol sa kanila pagka ikaw ay nakaupo sa iyong bahay, at pagka ikaw ay lumakad sa daan, at pagka ikaw ay nahihiga at pagka ikaw ay bumabangon. 8 At iyong itatali na pinakatanda sa iyong kamay at mga magiging pinakatali sa iyong noo. 9 At iyong isusulat sa itaas ng pintuan ng iyong bahay at sa iyong mga pintuan-daan." (Deutronomio 6:1-9 KJV)***

Sa nasa itaas na piniling Banal na Kasulatan si Moises ay nagsalita sa mga tagpamuno at pinuno ng mga pamilya ng mga Israelita at ipinarating sa kanila ang mga utos na tinanggap niya mula sa Panginoon na hiniling na ituro sa mga Israelita. Sinasabi ni Moises sa kanila na ingatan ng mga aral na iyon sa lupain na kanilang aariin upang sa gayo'y sila'y sumagana. Nilinaw din ni Moises sa kanila na hindi lamang ang kanilang sarili ang kailangang matakot sa Panginoon at sundin ang Kanyang mga palatuntunan at mga utos kundi pati na rin ang kanilang mga anak at apo pagkatapos nila gaya ng mababasa nati dito. ***"2 Na ikaw ay matakot sa Panginoon mong Dios, na iyong ingatan ang lahat niyang mga palatuntunan at ang kaniyang mga utos, na aking iniutos sa iyo, sa iyo, at sa iyong anak, at sa anak ng iyong anak sa lahat ng araw ng iyong buhay; at upang ang iyong mga araw ay lumawig." (Deutronomio 6:2 KJV)*** Ang puntong nilinaw ni Moises sa kanila ay upang matamasa ang mahabang buhay, silang lahat ay kailangang matakot sa Panginoon at sundin ang lahat ng Kanyang mga palatuntunan at utos. At upang ang pagpapalang iyon ng Panginoon ay mailipat sa kanilang mga anak at apo pagkatapos nila at kailangan nilang ituro sa kanilang mga anak at disiplinahin sila ayon sa Salita ng Dios.

***"5 Dinggin mo, Oh Israel: ang Panginoon nating Dios ay isang Panginoon:" (Deutronomio 6:5 KJV)*** Iniutos sa kanila ni Moises na kailangan nilang ibigin ang Dios ng buong puso at ibigay nila sa kaniya ang buong pagibig at pagmamahal; na dapat hindi mahati ang kanilang puso sa Dios na Lumikha at sa mga nilikhang bagay, at ang kabuhayan, sa pagkain, at sa materyal na bagay ng sanglibutang ito. Na kailangan nilang ibigin Siya ng buong kaluluwa, na kailangan nilang isalin ang pagibig na iyon sa matibay na pasya ayon sa pinakaimainam ng kanilang isipan, sa tulong ng Dios at ng Kanyang kalooban. At kailangan nilang ibigin Siya ng buo nilang lakas, sa kung saan ipapahayag nila ang kanilang pasya na sundin ang Dios sa mga gawa na gagawin nila sa kanilang buhay at iyon ay kung paano nila iibigin siya ng buo nilang lakas, na gagawin nila ang gawain ng Dios nang masigasig, tapat at sa buo at perpektong bagay.

***6 At ang mga salitang ito, na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito, ay sasa iyong puso;" (Deutronomio 6:6 KJV)*** na ang mga kautusang iyon at aral ay dapat magkaroon ng malaking epekto at halaga sa kanilang puso na dapat nilang ingatan at gawin sa kanilang buhay.

***"7 At iyong ituturo ng buong sikap sa iyong mga anak, at iyong sasalitain tungkol sa kanila pagka ikaw ay nakaupo sa iyong bahay, at pagka ikaw ay lumakad sa daan, at pagka ikaw ay nahihiga at pagka ikaw ay bumabangon. 8 At iyong itatali na pinakatanda sa iyong kamay at mga magiging pinakatali sa iyong noo. 9 At iyong isusulat sa itaas ng pintuan ng iyong bahay at sa iyong mga pintuan-daan." (Deutronomio 6:7-9 KJV)*** Na ang mga kautusang iyon ng Dios ay kailangan nilang maipabatid sa kanilang mga anak, sa kanilang mga puso at buhay.

Kaya, ito ay tungkulin ng mga magulang na ituro sa kanilang mga anak ang Salita ng Dios, at batay sa iminungkahi natin na ang bawat isang pamilya ay dapat magtipon araw-araw upang sambahin ang Dios at magbasa ng Salita ng Dios, sa pagbabasa ng isang kabanata mula sa Bibliya, mula sa pasimula at sa pagkasunod sunod, at lumuhod at manalangin. Ang pagbabasa ng Bibliya ay dapat simulan mula sa aklat ng Genesis, at sa pagkasunod sunod hanggang marating mo ang katapusan ng Bibliya, at pagkatapos uliting muli,, Kaya dapat malaman ng mga magulang at sundin ang Salita ng Dios, upang sila mismo ang magbahagi niyon sa kanilang mga anak dahil binigyan ng Dios ang mga magulang ng kapangyarihan na turuan at disiplinahin ang kanilang mga anak ng Salita ng Dios gaya ng mababasa natin dito, ***"6 Turuan mo ang bata sa daan na dapat niyang lakaran, at pagka tumanda man siya ay hindi niya hihiwalayan." (Kawikaan 22:6 KJV)*** Ang mga magulang ay may pananagutan na sanayin ang kanilang mga anak sa tamang landas ng buhay Hindi pangunahing

pananagutan ng simbahan kundi tungkulin ng mga magulang na gawin iyon. Ang pananagutan ng simbahan ay turuan ang mga magulang at sanayin sila sa mga landas ng Panginoon, kaya tayo ay may pananagutan na sanayin ka kung paano sanayin at turuan ang iyong mga anak at sa gayon ikaw mismo ang magsasanay sa iyong mga anak ng landas ng Panginoon. Ating palawakin kung paano iyon gawin:

***"7At iyong ituturo ng buong sikap sa iyong mga anak, at iyong sasalitain tungkol sa kanila pagka ikaw ay nakaupo sa iyong bahay, at pagka ikaw ay lumakad sa daan, at pagka ikaw ay nahihiga at pagka ikaw ay bumabangon" (Deutronomio 6:7 KJV)*** Itinuro ni Moises sa mga ama na kinakailangan nilang maging mga guro para sa kanilang mga anak at isagawa ang mga uto na iyon sa kanilang buhay at sa kanilang tahanan, upang palakihin sila sa pagtuturo at pagpapayo ng Salita ng Dios, gaya ng mababasa rin natin dito: ***"4 At, kayong mga ama, huwag ninyong ipamungkahi sa galit ang inyong mga anak: kundi inyong turuan sila ayon sa saway at aral ng Panginoon." (Epeso 6:4 KJV)*** Ibig sabihin na ang mga ama, ina o mga magulang ay hindi dapat hayaan ang kanilang mga anak na malantad sa maling mga bagay na magpapabunsod sa kanila na magkasala laban sa Dios, Sa halip, ang mga ama, ina o mga magulang ay kailangang panatilihin ang kapaligiran ng tahanan ng makaDios, malinis malayo mula sa TV, mobiles, at sa Media, sa mga Balita ng sanglibutan, play stations, electronic na mga laro, gadgets at iba pang nakakapinsalang tuksong mga bagay na hayaang magkasaala ang kanilang mga anak. Kasama rin dito ang huwag dapat igiit at hingin ng mga magulang sa mga anak ang higit pa sa kaya nilang gawin at higit pa sa hiniling ng Dios sa kanila. Hindi rin natin kailangang kalimutang gawin ang ating tungkulin at mahalin at alagaan ang ating mga anak at gantimpalaan sila habang sila ay sumusunod. Samakatuwid ang mga ama, ina at mga magulang ay kailangang gawin ang mga tamang bagay sa kanilang mga anak, na itinuturo ang mabubuting bagay na iyon at bilang mga sumusunod: ***"at iyong sasalitain tungkol sa kanila pagka ikaw ay nakaupo sa iyong bahay, at pagka ikaw ay lumakad sa daan, at pagka ikaw ay nahihiga at pagka ikaw ay bumabangon."*** Na kailangan nilang salitain sa kanilang mga anak ang tungkol sa mga kautusang ito ng Dios kapag sila'y gumising, kapag sila'y nakaupo upang kumain, ang oras na sila'y lalabas ng kanilang mga anak, at ang oras na sila'y babalik sa tahanan, at habang ginagawa nila ang gawain sa bahay, sa oras na sila'y mahihiga sa kama, at kapag sila'y naglilibang at sa oras ng araw ng sabbath. Na gagamitin nila ang mga oras na iyon upang salitain sa kanilang mga anak at tagubilin at turuan sila upang isagawa ng mga utos na iyon. Sa parehong paraan, kailangan mong ituro sa iyong mga anak ang mga utos ng Dios sa Bibliya at salitain ang tungkol sa mga ito kapag sila'y nakaupo sa iyong tahanan, kapag ikaw ay bumangon mula sa iyong kama, kapag ikaw ay matutulog, kapag ikaw ay nasa labas kasama nila, at kapag ikaw ay bumalik, at sa oras na iyong paglilibang, at sa iyong bakasyon, na kailangan mong ituro sa kanila ang mga utos ng Dios at kung paano isagawa ang mga ito sa kanilang buhay.

***"8 At iyong itatali na pinakatanda sa iyong kamay at mga magiging pinakatali sa iyong noo." (Deutronomio 6:8 KJV)*** Iyon ay kapag ang isang tao ay nagtatali ng anumang bagay sa kanyang kamay upang siya ay makaalala at hindi makalimot na gumawa ng isang bagay; para maalala nila at hindi makakalimutang sabihin sa kanilang mga anak. Sa parehong paraan ay napakahalaga sa iyo bilang mga magulang na turuan ang inyong mga anak ng Salita ng Dios at disiplinahin sila sa pamamagitan ng Kanyang mga palatuntunan at utos.

***"9 At iyong isusulat sa itaas ng pintuan ng iyong bahay at sa iyong mga pintuan-daan." (Deutronomio 6:7-9 KJV)*** Itinuro sa kanila ni Moises na kailangan nilang isulat ang mga utos na ito sa mga pader at sa pintuan ng kanilang mga bahay at sa pintuan ng kanilang lungsod upang hindi makalimutan ang mga ito kundi habang binabasa nila maalala nila ang mga ito, upang ituro nila sa kanilang mga anak na gawin ang mga ito. Ikaw ay tinawag upang gawin ang lahat ng iyong makakaya upang maibabagi ang Salita ng Dios sa iyong mga anak, at maari mong kailanganin mong isulat ang tiyak na Kasulatan na itinuturo mo sa kanila na isulat sa mga papel at idikit sa mga pader at sa pintuan ng iyong bahay upang ang iyong mga anak ay patuloy na basahin ang mga ito upang mapaalalahanan kung ano ang kailangan nilang gawin at ipamuhay sa kanilang buhay.

Kailangan nating isagawa ang Salita ng Dios sa buhay ng ating mga anak dahil iyon ang utos ng Dios at upang ang Kanyang pagpapala ay dumaloy sa atin at sa ating mga anak, pati na rin para sa sumusunon na mga dahilan gaya ng sinasabi sa atin Banal na Kasulatan:

***1. "23 Siya'y mamamatay sa kakulangan ng turo; at sa kadahilanan ng kaniyang pagkaulol ay maliligaw siya." (Kawikaan 5:23 KJV)*** Kapag hindi mo ginawang disiplinahin ang iyong mga anak at ipagkaloob sa kanila ang Salia ng Dios at ang Kanyang mga aral sila'y maliligaw at haharapin nila ang kamatayan pati rin ang espirituwal na kamatayan o isang totoong pisikal na kamatayan dahil kulang sila ng mga tagubilin ng Salita ng Dios na magbibigay buhay sa kanila.

***2. "17 Nasa daan ng buhay siyang nakikinig ng saway: nguni't siyang nagpapabaya ng saway ay nagkakamali." (Kawikaan 10:17 KJV)*** Ang mga tagubilin na ibinibigay mo sa iyong mga anak habang dinidisiplina mo sila at susundin nila, ang mga tagubilin na iyon ay tutulong sa kanila na huwag pumunta sa maling direksyon at malilinlang.

***3. “1 Sinomang umiibig ng kasawayan ay umiibig ng kaalaman: nguni't siyang nagtatanim sa kasawayan ay hangal.” (Kawikaan 12:1 KJV)*** Ang mga tagubilin na ibinibigay ninyo sa inyong mga anak habang dinidisiplina mo sila at iingatan nila ay makakatulong sa kanila na magkaroon ng kaalaman, at hindi maging malupit, sapagkat ang mga bata na hindi mo dinisiplina ay matigas, hangal, mabangis at marahas.

***. “18 Karalitaan at kahihiyan ang tatamuhin ng nagtatakuwil ng saway: nguni't siyang nakikinig ng saway ay magkakapuri.” (Kawikaan 13:18 KJV)*** Kapag dinisiplina mo ang iyong mga anak at ibinahagi mo sa kanila ang Salita ng Dios sila'y hindi maghihirap at mabibigo sa buhay. Batay doon ang mga taong hindi itinuwid at dinisiplina mula sa kanilang pagkabata sila'y mahirap at mayroong mga kasawian at pakikibaka sa kanilang pag aaral, trabaho at gawain. Ngunit ang mga dinisiplina sila'y magiging mayaman at marangal.

***5. “14 Iyong hahampasin siya ng pamalo, at ililigtas mo ang kaniyang kaluluwa sa Sheol.” (Kawikaan 23:14 KJV)*** Ang disiplina at pagtutuwid ay kapag inilapat mo sa iyong mga anak kung gayon iniligtas mo sila mula sa impierno. Ang mga batang hindi dinisiplina o hindi iwinasto at naiwan na gawin ang gusto nila ay magtatapos sa impierno.

***6. “15 Ang pamalo at saway ay nagbibigay karunungan: nguni't ang batang binabayaan ay humihiya sa kaniyang ina.” (Kawikaan 29:15 KJV)*** Ang disiplina ay magbabahagi ng karunungan at malinaw na kaunawaan sa mga anak upang igalang ang mga tuntunin at ang mga tao at matakot sa Dios at igalang at sumunod sa Kanyang Salita. Kung hindi kung ang bata ay mapapabayaan ng walang disiplina kung gayo'y siya ay lalaking walang anumang paggalang sa mga magulang, sa mga tao sa lipunan, at sa Salita ng Dios, At tiyak sila'y gagawa ng masasamang bagay at ito ay magbibigay ng kahihiyan para sa kanya at para sa kanyang mga magulang na nagbigay ng pagkain ngunit hindi ng disiplina. ***“Ang pamalo at saway ay nagbibigay karunungan:”*** Kailangan mong disiplinain ang iyong mga anak at gamitin ang pamalo para paluin sila upang maibahagi ang karunungan sa kanila. Tingnan dito ang pagsaway ay kasama ng pamalo upang ipalo para ibahagi ang karunungan, kaya kung hindi mo gagamitin ang pamalo sa gayo'y walang karunungan na maibabahagi sa iyong mga anak. Kaya dito kung hindi mo didisiplinahin ang iyong mga anak at hindi mo gagamitin ang pamalo sa pagsaway sa kanila, kung gayon patuloy nilang gagawin ang mga hangal na bagay at magdadala ng kahihiyan kalaunan sa iyong buhay. Nabanggit dito ang sumusunod: ***“nguni't ang batang binabayaan ay humihiya sa kaniyang ina.”*** Hindi ibig sabihin na ang mga ina ang may pananagutan na paluin ang mga anak nang mag isa at hindi ang mga ama, kundi binanggit iyon dahil sa panahong iyon ang nakasulat sa Banal na Kasulatan ay mga ina ang nagtatrabaho sa loob ng mga tahanan at higit sa lahat ang mga anak ay kasama nila, kaya dito ang mga ina ang pangunahing mga tao na kasa-kasama ng mga bata,  at kaya kapag ang mga ina, ay kinunsinti ang kasalanan ng kanilang mga anak at pinagtakpan ang kanilang kapilyuhan, at huwag paluin at itangging iulat ang mga ito sa kanilang asawa kapag sila'y umuwi sa tahanan upang iligtas sila sa pamalo ng pagtutuwid at pagsaway, ang mga ina sa huli'y malalagay sa kahihiyan. Kaya, ang mga ama, ina makinig nang mabuti, huwag kailanma'y huwag pagtakpan, kunsintihin, at payagan ang mga kasalanan ng iyong mga anak upang hindi ka malagay sa kahihiyahan sa huli.

***7. “17 Sawayin mo ang iyong anak, at bibigyan ka niya ng kapahingahan; Oo, bibigyan niya ng kaluguran ang iyong kaluluwa.” (Kawikaan 29:17 KJV)*** Ang bawat magulang ay inaasahan ang pinakamainam na magkaroon at matanggap mula sa kanilang mga anak, ngunit ang paraan upang makamit at matanggap iyon ay sa pamamagitan ng pagbabahagi ng disiplina sa kanila, Ang bunga ng sapat at maingat na disiplina ay magdadala ng kapayapaan at kagalakan sa mga magulang. Kapag maingat mong dinisiplina ang iyong mga anak sila'y magbibigay sa iyo ng kapayapaan at kapahingahan at sila'y magiging kagalakan sa iyong kaluluwa.

Ang lahat ng mga nabanggit na puntos na tinalakay natin ay mga magandang dahilan upang kayo'y mahikayat na magpatuloy na disiplinahin at harapin ang mga kasalanan at kasutilan ng inyong mga anak.

Mababasa rin natin, ***“22 Ang mabuti ay nagiiwan ng mana sa mga anak ng kaniyang mga anak; at ang kayamanan ng makasalanan ay nalalagay na ukol sa matuwid.” (Kawikaan 13:22 KJV)*** Ngunit anong uri ng mana ang maari nating iwanan para sa ating mga anak, salapi o materyal na mga bagay? Ito ay kinakailangan ngunit limitado ang halaga. Ang mabuti na maari rin nating ibigay sa kanila ay ang Salita ng Dios at disiplinahin sila, na susundin nila at ipapamuhay nila sa kanilang buhay at pagpalain.

***15 Ang kamangmangan ay nababalot sa puso ng bata; nguni't ilalayo sa kaniya ng pamalong pangsaway.” (Kawikaan 22:15 KJV)*** Dito malinaw na sinasabi ng Salita ng Dios sa atin na kapag nakita natin ang kamangmangan. Ang kamangmangan ay makikita sa puso ng bata. Kaya batay sa sinabi ng Dios walang bata ang walang kamangmangan dahil ang kamangmangan ay nababalot sa puso ng isang bata. Kaya hindi mo masasabi na iyong anak ay walang kamangmangan.

Ang tanong dito ay kung paano natin aalisin ang kamangmangan  mula sa puso ng iyong mga anak? Ang malinaw na sagot ay sa pamamagtian ng pamalo ng pagtutuwid: sapagkat walang pagtutuwid ang magagawa ng

walang paggamit ng pamalo. Kapag ang bata ay sumuway sa mga magulang at nais gawin ang gusto niya iyon ay kanyang kamangmangan at iyon ang nababalot sa kanyang puso. Nais niyang sumuway, ngunit mayroong paraan upang ang kanyang kamangmangan ay mawala, iyon ay sa pamamalo gamit ang pamalo.

Ang pamamalo ay dapat sa likod o sa puwet ng mga bata upang pamangasiwaan at harapin ang kamangmangan ng bata gaya ng mababasa natin dito, ***"Ang mga kahatulan ay nahahanda sa mga manglilibak, at ang mga hampas ay sa mga likod ng mga mangmang." (Kawikaan 19:29 KJV)*** Ang pamamalo ay dapat magdulot ng sakit. Dapat maramdaman ng bata ng sakit at maging umiyak upang siya'y gumaling mula sa kanyang kapilyuhan at hindi na muling ulitin iyon. Ang ilang mga magulang ay hindi gustong gamitin ang pamalo at paluin ang kanilang mga anak dahil ayaw nilang maramdaman nila ang sakit at umiyak, ngunit ang Salita ng Dios ay naghihkayat sa atin na gawin iyon dahil ito ay para sa kanilang pakinabang at iyon ang magpapasakdal sa ating pagmamahal sa kanila.

Bukod sa kailangan nating ibigay sa kanila mula sa pagkain, matutuluyan, at edukasyon, hindi dapat nating kalimutan na panatilihin ang pamalo upang paluin sila at disiplinahin sila kung sila'y sumuway sa Dios at pumunta sa maling direkson. Ngayon ang mga tahanan ay puno ng mga kagamitan tulad ng refrigerators, cookers, water heaters, air conditions, fans, computers, mobiles, TV, satellites connection, washing machines, etc, ngunit kulang ng pamalo para sa kanilang mga anak upang mapalo, Mga magulang ito ay hindi tama, Kailangan mong gawin nang mahusay sa pamamagitan ng pagbili ng pamalo para sa iyong mga anak. Kapwa kayong mga magulang ay dapat masangkot sa paggamit ng pamalo at magkasundo kayo tungkol doon. Kailangan mong maglagay ng isang malinaw na tuntunin, at sa pagsusulat, para sa iyong mga anak, at ipaliwanag sa kanila nang mahusay na kapag sila'y gumawa ng tiyak na maling bagay, tatanggapin nila ang gayong bilang ng pamalo sa kanilang puwet at sa ibaba ng kanilang likod para doon. Kailangan mong ipaliwanag sa kanila na ito ang utos ng Dios at pinapalo mo sila dahil mahal mo sila, at ayaw mo silang maligaw at mamatay sa impierno dahil sa kanilang mga kasalanan. Mga magulang kapag ang iyong mga anak ay gumawa ng kamangmangan sa gayon dalhin sila sa silid at ipaliwanag sa kanya na papaluin mo siya sa mga bilang ng pamalo dahil ang kanyang ginawa ay kamangmangan. Hingin sa kanya na ibigay ang kanyang puwet upang paluin siya. Ang parehong mga magulang ay maaring gawin, at tiyak na mga oras na kailangang magtulungan upang hayaan ang oras pagsaway ng pagpaparusa ay maging matagumpay na maisagawa kapag ang bata ay lumalaban sa disiplina. Pagkatapos ng pagsuway ay nagpatunay sa iyong anak na mahal mo siya at iyon ang iyong dahilan upang disiplinahin siya ng pamalo.

***"18 Parusahan mo ang iyong anak, dangang may pagasa; at huwag mong ilagak ang iyong puso sa kaniyang ikapapahamak." (Kawikaan 19:18 KJV)*** May pagasa sa iyong mga anak kung ilalapat mo ang mga tuntuning ito sa kanila mula sa Salita ng Dios at disiplinahin sila sa paggamit ng pamalo. Huwag ipagkait ang pamalo mula sa iyong anak kung siya ay umiiyak, at huwag sumabay sa iyong damdamin dahil ayaw mong umiyak at maramdaman ng iyong anak ang sakit. Ang gayong pagpapalayaw sa kanya ay magpapatuloy na mahikayat na gumawa ng mali.

Ang disiplina ng pamalo ay hindi magdudulot sa kanya ng kamatayan. ***"13 Huwag mong ipagkait ang saway sa bata: sapagka't kung iyong hampasin siya ng pamalo, siya'y hindi mamamatay." (Kawikaan 23:13 KJV)*** Kung ipinagkait mong paluin ang iyong anak ng pamalo ayon sa Salita ng Dios hindi mo minamahal ang iyong anak kundi kinamumuhian mo siya gaya ng mababasa natin dito, ***"24 Siyang naguurong ng kaniyang pamalo ay napopoot sa kaniyang anak: nguni't siyang umiibig ay nagpaparusang maminsan-minsan." (Kawikaan 13:24 KJV)*** Kung talagang mahal natin ang ating mga anak ng pagibig ng Dios magiging maingat tayo na paluin sila kapag sila'y gumawa ng mali at pagpalain sila kapag sila'y gumawa ng tama. Ang bawat bata ay dapat paluin kung sila ay sumuway sa mga tuntunin at gumawa ng mga maling bagay salungat sa kung anong sinanay siya na gawin at pinagsang-ayunan. Dapat sumang ayon ang mga magulang sa kanilang sarili tungkol sa mga patakaran na dapat sundin ng mga bata sa bahay. Pagkatapos tatalakayin nila iyon sa mga bata at ipapaliwanag sa kanila nang maliwanag ang mga tuntunin, ang gantimpala sa mga masunurin at ang bunga ng kanilang pagsuway. Ang mga bata ay tiyak na susubukin ang kanilang mga magulan at tingnan kung maari silang sumuway at malagpasan ang kaparusahan. Kaya ang mga magulang ay dapat maging strikto sa gayong natatanging pag uugali. Ang mga bata ay hindi dapat hayaang kontrolin ang mga magulang at ang kapaligiran ng bahay. Ang kautusan ng Dios ay mataas sa lahat at ang lahat ay dapat ipahayag ang kanyang pagibig sa Dios at ang kanyang pagibig sa isa't isa sa pamamagitan ng kanyang pagsunod sa Salita ng Dios. Huwag hayaang kontrolin ka ng iyong mga anak, Huwag mahalin ang iyong mga anak nang higit sa iyong pagibig sa Dios at sa Kanyang Salita; kaya maging maingat na disiplinahin ang iyong mga anak ng pamalo kapag sila'y sumuway at iyon ay kung paano mong ipapakita ang iyong pagibig sa Dios at sa iyong mga anak. Ang ibig sabihin ng disiplina ay tuntunin upang sundin, ang mga limitasyon at pagbabawal upang ipatupad pati na rin ang parusa para sa pagsuway at gantimpala at papuri para masunuring paggawa. Ang disiplina ay nakapahalaga para sa mga bata tulad ng kahalagahan ng pagbibigay sa kanila ng pagkain, matitirahan at edukasyon. Ang disiplina ang supremo sa lahat ng iyon. Ang disiplina ay magdadala ng buhay at magtutulak sa kamatayan palayo. Kung

papayagan natin ang mga bata na gawin ang gusto nila kung gayon ang espirituwal na kamatayan at maging ang tunay na kamatayan ay darating sa kanilang buhay. Kailangang sanayin natin ang ating mga anak, turuan sila, disiplinahin sila, at palakihin sila sa mga landas ng Dios, upang kapag sila'y sumunod at isalapat ang kung ibinigay natin mula sa Salita ng Dios ang pangako ng Dios ay magkakatotoo sa kanilang buhay na mababasa natin sa aklat ng Epeso, ***"1 Mga anak, magsitalima kayo sa inyong mga magulang sa Panginoon: sapagka't ito'y matuwid. 2 Igalang mo ang iyong ama at ina (na siyang unang utos na may pangako), 3 Upang yumaon kang mabuti, at ikaw ay mabuhay na malaon sa lupa." (Epeso 6:1-3 KJV)*** Mauunawaan natin dito na matapos nating turuan ang ating mga anak at sinunod tayo at isinagawa ang Salita ng Dios sa kanilang buhay, kung gayon ito'y magiging maayos sa kanilang buhay at mabubuhay ng mahabang buhay at iyon ay magkakaloob ng walang hanggang buhay, na pupunta kalaunan sa Langit pagkatapos natin. Ngunit kung hindi natin didisiplinahin sila at turuan sila ng Salita ng Dios sila'y maliligaw at mabubuhay sa pagsuway at magtatapos sa impierno, at iyon ang bagay na hindi dapat mangyari.

***Sa aking Mahal at Minamahal: "3 Narito, ang mga anak ay mana na mula sa Panginoon: at ang bunga ng bahay-bata ay kaniyang ganting-pala. 4 Kung paano ang mga pana sa kamay ng makapangyarihang lalake, gayon ang mga anak ng kabataan. 5 Maginhawa ang lalake na pumuno ng kaniyang lalagyan ng pana ng mga yaon: sila'y hindi mapapahiya, pagka sila'y nakikipagsalitaan sa kanilang mga kaaway sa pintuang-bayan." (Awit 127:3-5 KJV)*** Ang mga anak ay ipinagkatiwala sila sa atin, upang kailangan nating alagaan at mahalin sila, sanayin at palakihin sila sa landas na nais ng Dios na gawin natin. Pinagpala ka ng Dios ng mga anak at iyon ang iyong mana mula sa Dios at sa gayon kailangan mong turuan sila, sanayin sila, at disiplinahin sila ng pamalo upang ituwid sila sa lahat ng kanilang maling pag uugali upang sila pagpalain at mabuhay ng mahaba at makarating sa Langit kasama natin.
Tayo ay manalangin….

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa harapan mo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli sa mga namatay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita na itinuro sa akin ang mga landas sa buhay kung paanong turuan at disiplinahin ang aking mga anak. Panginoon salamat para sa iyong kabutihan sa akin at para sa lahat ng iyong mabubuting plano para sa akin at sa aking mga anak.*

*Magsisi at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan. Talikuran ang iyong kawalang kagustuhang disiplinahin ang iyong mga anak at iyong walang kagustuhan na gamitin ang pamalo upang paluin sila. Talikuran ang iyong sariling kalooban at iyong sariling kaunawaan. Talikuran ang iyong kamunduhan at pakikisama sa maraming kaibigan at magpakasasa sa mga balita, Media at palaro, at ayaw mong maglaan ng oras ng sa iyong sariling mga anak at pamilya para magbasa ng Salita ng Dios at manalaning kasama nila. Magsisi sa iyong kakulangan ng pangangasiwa, katamaran, pagiging masamang halimbawa, at ang iyong kawalang kahandaang maglingkod sa Dios. Magsisi sa iyong kawalang kahandaang ipangako ang iyong sarili na gawin ang mabubuting gawain na inihanda ng Dios na gawin para sa iyo.*

*Panginoon ako'y nagsisisi at tinalikdan ang mga sumusunod na mga kasalanan* ________________.

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na turuan ang aking mga anak ng iyong Salita at disiplihanahin sila gamit ang pamalo, at palakihin sila sa pagkatakot sa iyo; Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na gawin ang mabuting plano na mayroon ka para akin at sa aking pamilya.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na nagsisi at ipinangako ang kanilang buhay upang disiplinahin ang kanilang mga anak at gamitin ang pamalo upang linisin sila sa kanilang kamangmangan at mula sa kanilang masamang pag uugali. Panginoon bigyan sila ng karunungan at tustusan sila na patuloy na maglingkod sa iyo at gawin ang mabubuting gawain na inihnda mong gawain para sa kanila sa pagpapalaki sa kanilang mga anak sa isang makaDis na paraan. Panginoon protekstahn sila at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailagan. Panginoon lutasin ang kanilang mga sulirainin at patuloy na gabayan sila kung paanong disiplinahin ang kanilang mga anak upang sila'y patuloy na maglingkod sa iyo.*

*Panginoon tulungan kami bilang isang simbahan at gabayan kami ng iyong Banal na Espiritu na patuloy na ipahayag ang iyong Salita at ang kalooban sa mga tao, at turuan sila ng iyong Salita. Panginoon tulungan kami na patuloy na sanayin ang mga magulang at turuan sila kung paanong disiplinahin ang kanilang mga anak at palakihin sila sa pagkatakot sa Dios. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at ibigay sa amin ang Espirituwal na mga kaloob na kailangan namin sa aming buhay upang magpatuloy at mag evangelio at gumawa ng mga alagad at sanayin ang mga manggagawa na yumaon at magtanim ng maraming pag aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng Buong kalooban ng Dios.' Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang*

*sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com